# Magpunta Tayo sa Bukirin

VBS

"Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga..." Juan 15:5



## Manwal ng Direktor

# Magpunta tayo sa Bukirin

VBS (Vacation Bible School)
“Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga…” Juan 15:5


## Maraming salamat sa buong pangkat ng “ang kabataan ay mahalaga”!

Ang materyal na "Vamos a la Granja" ay inihanda ng Ministri ng "Mga Bata Bilang," at inilalaan namin ang mga karapatan. Ang aming materyal ay libre upang i-download, libre upang gumawa ng mga kopya, malayang gamitin, libre upang i-print, at libre upang ipamahagi nang walang obligasyon. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay sa amin sa pedidos@losninoscuentan.com o 01-592-924-9041 (Mexico). Ang lahat ng Kasulatan na kinuha mula sa NIV.

Punong Patnugot: Kristina Krauss

Pangkat ng paglikha: Dwight Krauss, Flor Boldo, Jennifer Sánchez Nieto, Julio Sánchez Nieto, Mike Kangas, Monserrat Duran Díaz, Suki Kangas, Abril Palacios Camacho, Verónica Toj, at Vickie Kangas.

Salamat kanila Michael Kangas at Joshua Mendoza dahil sa mga isinulat nilang magagandng kanta para sa programang VBS na ito.

Pangkat na magsasalin: Ali Atuha, Aline Xavier, Annupama Wankhede, Aroma Publications, Blessy Jacob, Carla Mayumi, David Raju, Ephraim Njuguna Mirobi, Finny Jacob, Jacob Kuruvilla, Marcos Rocha, Mathew Das, Nassim Bougtaia, Paul Mwangi, Paul Septan, Rubina Rai, Sabrina Benny John, at SubtitleMe

# Maligayang Pagdating!

Maligayang pagdating sa VBS na “Magpunta Tayo sa Bukirin” kung saan matututo tayo tungkol sa buhay ni Pedro at kung saan tayo matututong gumawa ng magandang mga pagpipilian sa buhay! I-enjoy natin ang ating mga sarili sa bukirin sa pamamagitan ng mga vineyard game, barn craft, silo class, at pagpi-picnic kasama si Pedro! Maaari mo nga rin pabisitahin sina Hesukristo at Pedro sa inyong simbahan. Ang paglikha ng mga costume mula sa biblikal na panahon ay madali lang.

Maghanda para sa isang malaking kaganapan sa inyong simbahan at pagkilala kay Hesukristo bilang baging at tayo ang mga sanga; kasama ang ilang nakakabilib na mga pagbati na may kasamang mga pagpalakpak ng kamay sa pagitan ng mga magkakaibigan, bagong mga kanta na may mga aksyon, nakakatawang drama na itinanghal sa modernong panahon, at pagkilala ng bagong mga kaibigan. Ang buong simbahan kasama ang mga bata ay makikita kung paano gumawa ng magagandang pagpipilian na may 5 pangunahing mga punto na kung saan ay nasa loob ng 4 na bagong mga student book na nilikha ni Jenny:

1. Pinili Ko Maniwala 2. Pinili Ko Magbago 3. Pinili Ko Sumunod 4. Pinili Ko Kumilos 5. Pinili Ko Na Dumepende

Magkakaroon ng iba’t ibang flavor sa VBS na ito gamit ang masasarap na mga snack na likha ni Julio, likhang sining ni Monse, magagandang dekorasyon para sa simbahan niyo ni Jenny, nakakabaliw na mga ideya ni Suki, nakakaantig na mga kanta ni Rubén, Mike, Kristi at Suki, bagong choreography mula kina Suki at Monse, surpresang mga tricks, aralin, modernong drama, laro at pagbati ni Kristi at lahat ay naging isang magandang package sa pamamagitan ng mga logo at artistic design ni Suki.

Excited kami na magkaroon ng 2 mga personalidad na bibisita sa iyong VBS: Isang puppet na kabayo at tandang!!! Ang mga bata ay tatawa nang tatawa sa puppet show na isinulat ni Flor, na kung saan ay bahagi ng kanilang closure araw-araw. Ang mga disenyo para sa mga puppet, na nilikha ni Vickie ay madaling gawin at magdadala ng buhay sa VBS mo.

May isang bagay na espesyal tungkol sa isang VBS. Ang sigasig ay lumalago habang ang petsa ng VBS ay papalapit, hinanda ang mga dekorasyon, ang mga bata ay hindi na makapaghintay, at hindi lingid sa kaalaman ng buong simbahan ang paparating na malaking kaganapan. Bakit natin ginagawa ito? Bakit tayo nagsisikap nang sobra sa pag-organisa ng isang kahanga-hangang VBS? Dahil mahal ng Diyos ang mga bata, nakikita Niya ang mga ito bilang isang bagay na espesyal, at kailangan nilang marinig ang Salita ng Diyos. Isa pang mahalagang dahilan ay iyong aabutin mo ang higit pang mga bata para kay Kristo! Ang napakagaling na programang ito ay maaari mong gamitin bilang isang kasangkapan para akitin ang mga pamilya mula sa iyong komunidad patungo sa simbahan ninyo. Pakiusap na huwag itong gawing eksklusibo lamang para sa mga bata sa inyong simbahan, imbitahan ang komunidad, isangkot ang mga miyembro ng simbahan, at gumawa ng isang event na matatandaan ng komunidad!

Lahat ng mga team member sa “Children Are Important” ay nasa iyong tabi habang ginagawa mo ang mahalagang trabaho na ito sa pamamagitan ng matatapang na taong ginagampanan ng maliliit na bata. Maraming pagpapala sa VBS mo!!!

- Sister Kristina Krauss



# Paano Gamitin ang Materyales

## Paano Gamitin ang Materyales

Bawat taon ang staff ng “Children Are Important” ay masayang lumilikha ng isang bagong VBS para sa’yo, at ang taong ito ay ‘di naiiba. Maaari mong gamitin ang mga klase nang paikot o magkakasunod-sunod. Sa’yo ang VBS, at umaasa kami na masisiyahan ka tulad ng ginawa namin at magkamit ng higit pang pagkakaisa sa inyong simbahan habang nagsisikap nang magkakasama sa proyekto. Tandaan na gamitin din ang musika na may 8 mga kanta at ang DVD na may mga aksyon (choreography) para sa mga kanta. Ang schedule dito ay opsyonal lang, pero bibigyan ka nito ng isang ideya kung paano mo pamamahalaan ang programa. Gamitin ang mga flyer at poster para mag-invite ng mga tao at ‘wag kalimutan na isama ang mga bata sa iyong komunidad. Sana’y masiyahan ka gamit ang programang ‘to!!

## Pagsisimula

Nirerekomenda namin na simulan mo ang bawat araw gamit ang mga kanta at dasal. Sunod, banggitin ang pamagat ng aralin at ng memory verse. Habang ang mga bata ay magkakasama parin, diretsong magtungo sa pangunahing aralin gamit ang trick. Pagkatapos ng aralin, mag-lead ulit ng isang kanta, laging gamitin ang mga puppet na kabayo at tandang mo. Sa wakas, hatiin ang mga bata sa pamamagitan ng edad para magsimulang magtungo sa mga istasyon.

## Mga trick na may aralin

Ngayong taon, meron kaming isang bagay na sobrang kool na magbibigay ng isang nakakamanghang haplos sa iyong mga pangunahing VBS lesson. Ito ay mga tricks na may mga mensahe, tulad ng isang magic show, pero syempre, walang magic. :) Ang ideya ay i-prepare nang maaga ang “trick” mo, sanayin ito nang paulit-ulit hanggang sa ma-master mo ito. Isang sikreto ang mga instruksyon para sa trick, syempre hindi mo gugustuhin na banggitin ang mga ito kahit kanino. Ilan sa mga trick ay mga surpresang visual na magdadala ng buhay sa aralin mo. Napakahalaga na handa ka, naiintindihan ang trick at nagsanay nang maigi. Mag-subscribe sa YouTube channel namin para mas maunawaan ang mga trick gamit ang mga video!

## Schedule: (2 hanggang 4 na oras)

Pagsisimula:
(20 hanggang 40 minuto)

- Pagbati at pamagat ng aralin
- Musika
- Pangunahing Aralin
- Trick

4 Na Rotasyon Ng Istasyon:
(20 hanggang 40 minuto bawat isa)

1. Silo Class
    - Mga Student Book

2. Picnic Kasama si Pedro
    - Drama/Sketch kasama sina Pedro at Hesus
    - Snack

3. Mga Vineyard Game
    - Mga Laro

4. Mga Barn Craft
    - Espesyal na pagbati
    - Mga Likhang Sining

Pagtatapos:
(20 hanggang 40 minuto)
- Puppet Show (Tandang at Kabayo)
- Mga Kanta
- Mga Announcement



# Mga Istasyon

## Silo Class

Sa istasyong ito, ii-enjoy ng mga mag-aaral ang mga student book nila. At sa unang pagkakataon, mayroon na tayong isang libro para sa mga teenager at mga bata! Hindi mo ibibigay ang aralin sa istasyong ito dahil makukuha nila ito sa Picnic Kasama si Pedro. Pwede mo i-download ang mga student book mula sa web at gumawa ng mga kopya. Pumunta sa aming website, Children Are Important, at piliin ang VBS, at sunod piliin ang "Magpunta Tayo sa Bukirin" para i-download ang mga libro. Tandaan na piliin ang lingguwahe mo.

## Picnic Kasama si Pedro

Sa "Picnic Kasama si Pedro" na istasyon, makikita natin ang biblikal na kuwento sa isang dramatiko't modernong paraan kasama sina Pedro, Hesus at iba pang mga disipulo. (Ilang mga bata ang mayroon ka para gumanap bilang mga aktor?) Magsagawa ng isang pagsasanay kasama sila nang mas maaga para i-ready ang drama para sa bawat araw. Binago namin ang kuwento para magsama ng modernong mga bagay para masiyahan ang mga bata sa panonood habang nagse-send si Hesukristo ng WhatsApp o nagse-selfie si Pedro! Hahaha! Mamaya, gumawa tayo ng masasarap na snack at maupo para mag-picnic kasama si Pedro. Gamitin ang pagkamalikhain mo para gumawa ng mga costume mula sa biblikal na panahon at mag-imbita ng isang mabuting kapatid para tulungan kang ihanda ang snack of the day.



## Mga Barn Craft

Masisiyahan ang mga bata sa paggawa ng likhang sining nila bawat araw at pag-uwi ng mga ito sa bahay para ipakita sa mga magulang nila ang bersikulong kanilang natutunan at nakaimprenta sa bawat likha. Sa sesyong ito ng "Mga Likhang Sining sa Kamalig," bukod sa paggawa ng mga likhang sining, matututunan din natin ang masayang pagbati!!! Syempre, mas madaling matutunan ang pagbati sa pamamagitan ng panonood ng mga video sa aming YouTube channel, pero meron din kaming nakasulat na mga pagbati para matulungan kang tandaan ang mga aksyon. Gugulin ang oras para matutunan ang mga aksyon para buong 5 araw at magsaya kasama ang mga guro at mga bata! Nirerekomenda namin na gawin muna ang pagbati habang ang mga item para sa mga likhang sining ay ipinapasa.



## Mga Vineyard Game

Ang isang VBS ay hindi kumpleto kung wala ang ilang mga laro para gugulin ang maliit na bahagi ng enerhiya na mayroon ang ating mga bata. Dinisenyo ang mga larong ito para patakbuhin ang mga bata, habang nanonood ang

mga guro na may pito sa kanilang bibig. Napakahalaga ng paglalaro para sa mga bata, kaya huwag lamang itong pabayaan!

## Mga Puppet



Excited tayo nang sobra sa pagkakaroon ng 2 personalidad na maaaring bumisita sa iyong VBS: isang puppet na kabayo at tandang!!! Ang mga bata ay tatawa sa puppet show sa oras ng pagtatapos bawat araw. Maaari mo rin isali ang mga puppet mo sa mga kanta para simulan ang bawat araw ng VBS mo, dahil nakatulong sila sa pagre-record ng mga kanta. Hahaha!

Para gawin ang mga puppet, i-download ang mga pattern mula sa aming website at tahiin ang mga ito nang magkakasama mula sa matibay na tela o anumang bagay na available sa area mo. Para tapusin ang puppet, kailangan mong mangalap ng mga gunting, lapis, silicone o glue gun, filler o palaman ng unan, cardboard, adhesive tape, sinulid at karayom. Pareho, maaari kang humanap ng mga instruksyon para gumawa ng isang PVC pipe na teatro, o pwede mong gawin ang teatro mo gamit ang isang eksena sa kamalig. Ang disenyo ay available sa aming website: www.childrenareimportant.com/farm.

Ang puppet show mo ay madaling magagawa araw-araw sa pamamagitan ng paggamit ng 4 na tao. Maaari kang maglagay ng 2 tao sa mga mikropono para isagawa ang mga boses ng kabayo at tandang at 2 tao sa likod ng teatro para paganahin ang mga puppet. Huwag kalimutan na mayroon din kaming isang seksyon sa web na "myCMU" (My Children's Ministry University) kung saan pwede ka makahanap ng pagsasanay at mga ideya kung paano i-handle ang mga puppet.

## Pagtatapos

Pagkatapos ng puppet show mo, maaari mong tapusin ang bawat araw sa pamamagitan ng pag-ulit ng isang kanta at pagbanggit ng mga announcement para bukas. Kung hindi mo natapos ang pagbati sa oras ng mga likhang sining, gawin ito dito sa pagtatapos. Tandaan na banggitin ang napakahusay na trabaho ng mga guro!!

# Karagdagang Mga Ideya

**Mga dekorasyon sa pintuan**

Lagyang dekorasyon ang entrance patungo sa iyong klase gamit ang makulay na likhang papel.










**Silo**

Bumuo ng isang malaking silo sa isang sulok ng simbahan ninyo. Sa halimbawang ito, ang bilugang tuktok ay isang swimming pool ng bata. Ang pabilog na dingding ay maaaring binalot ng papel sa paligid ng mga PVC pipe.






**Pagsilang ng sisiw**

Gumuhit ng hugis itlog sa papel at kulayan ito ng dilaw. Mag-glue ng mga mata at isang tuka para sa mukha. Gupitin ang parehong hugis mula sa brown paper at i-glue ang mga gilid ng itlog at brown na egg shell nang magkasama. Gumupit ng isang butas sa gitna tulad ng ipinapakita.



**Dingding ng vineyard**

Takpan ang bahagi ng dingding gamit ang puting papel. Mag-stamp ng kamay mo gamit ang kulay berdeng pintura para sa mga dahon. Para mag-stamp ng mga ubas, gumamit ng anumang hugis bilog na bagay, tulad na lamang ng isang carrot. Magtipon ng mga stick mula sa labas para sa mga tangkay ng ubas at pagkatapos ay gumuhit ng maliliit at makulot na mga kurba para sa mga tendril.

**Papel na puno**

Mag-tape ng brown paper sa isang sulok  para sa katawan at sanga ng isang puno. Para makagawa ng mga dahon, magtupi ng tissue paper o crepe paper accordion style at itali ito nang mahigpit sa sentro. Gupitin ang mga dulo na gagawa ng mga patusok tulad ng ipinapakita. Paghiwa-hiwalayin ang mga dahon para makagawa ng mga kumpol at i-tape sa puwesto.






**Dingding ng kamalig**
Takpan ang dingding gamit ang pulang papel at mag-glue ng mga strip ng putting papel tulad ng ipinapakita.

**Papel na ubas**
Mag-glue ng maliliit na strip ng kulay lilang papel sa mga bilog. I-glue ang mga bilog nang magkakasama. I-glue ang tumpok ng ubas sa isang string gamit ang isang papel na dahon. Magkabit ng ilan sa isang sampayan o tali.





**Tanawin sa dingding**
Ilagay ang swim noodle na mga kabayo sa dingding at maglagay ng isang cardboard na bakod sa harap ng mga ito.

**Activity dice**
Gumawa ng dalawang papel na cube. Sa isa, isulat ang “umarte na parang, magtunog na parang, umupo na parang, maglakad na parang, tumakbo na parang” atbp. Sa isa pa, isulat ang “isang baka, isang kabayo, isang manok”, atbp. Pagulungin ang dice at hayaan ang mga bata na magsaya sa paggawa ng aktibidad!




**Hardin / Bukirin**
Gumawa ng isang hardin na gawa sa papel at isabit ito sa dingding ng inyong simbahan tulad ng ipinapakita.



**Animal style na mga wind chime**
Mag-glue ng isang piraso ng de kulay na papel patungo sa isang tube. Maggupit ng isang mukha mula sa parehong papel at strip para sa mga binti na nakatupi tulad ng ipinapakita. I-glue ang mga facial feature at mga binti. Magkabit ng isang ribbon o string sa itaas para isabit ito.




# Aralin 1


## Pamagat 1

**Pinili Kong Maniwala**
Bible Story: Kinilala ni Pedro si Hesus
Mateo 16:13-20

## Bersikulo 1

“Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.” Juan 3:16

## Trick 1



Maghanda ng 4 na mga target na may mga pamagat at ilagay ang mga ito sa paligid ng simbahan.  Ang 4 na mga pamagat ay: Hesukristo, pera, katanyagan, at popularidad. Ngayon, takpan ang mga pamagat para hindi sila makita ng mga bata  at masigurong hindi alam ng mga guro kung alin ang alin. Sa oras ng aralin, papakiusapan mo lahat ng iyong mga guro para pumunta sa unahan para maghagis sa mga target gamit ang mga ni-recycle na bolang papel o mga rubber band. Payuhan muna ang mga guro na kailangan nilang pumunta sa harapan at tirahin ang mga target, at pagsabi sa kanila na maaari nilang tirahin ang alinman sa 4 na mga target. (‘WAG sabihin sa kanila kung aling target si Hesukristo!!)

## Pangunahing Aralin 1

Maligayang pagdating sa Vacation Bible School “Pumunta Tayo sa Bukirin!”
Sa aming bukirin ay mayroon kaming isang ubasan na tutulong sa ating maunawaan ang mga Bible lesson ng linggong ito. Sobrang espesyal ng VBS na ito dahil matututo tayo tungkol sa baging at mga sanga nitong makikita sa Bibliya sa John chapter 15. Tingnan natin ang isang napakahalagang bersikulo sa chapter na ito, “Ako ang baging.” Sinong nagsasalita dito??? Si Hesus! Kung gayon, sino ang baging? Si Hesus!
Sa isang halaman, ang baging ang pinakamatatag na parte, dahil ito ang bahagi na nagmumula sa lupa at mayroong mga ugat. Si Hesukristo ang pinakamatatag na bahagi ng ating buhay at Siya ay may malalim na ugat sa Diyos.



Maaari tayong makarinig ng mga tao sa ating paligid na pinag-uusapan ang tungkol kay Hesus na para bang siya ay isang dakilang tao o isang propeta. Siguro nakita na natin siya sa mga tindahan sa iba’t ibang mga painting o pigura. Sa ating mga ebanghelikal na simbahan, kumakanta tayo kay Hesus sa loob ng simbahan at nagdarasal sa Kaniya na kasing dalas hangga’t makakaya natin. Pero ano nga ba ang sinasabi ng Bibliya tungkol kay Hesukristo? Sino ba talaga Siya? Anong pinaniniwalaan mo tungkol kay Hesus?

Sinasabi ng Bibliya na…
• Si Hesus ang Anak ng Diyos na dumating sa mundo para mamuhay bilang isang tao.
• Si Hesus ay namuhay ng isang perpektong buhay nang hindi nagkakasala, at namatay para pagbayaran ang ating mga kasalanan.
• Si Hesus ay muling nabuhay at buhay sa langit.
• Hinihiling sa atin ni Hesus na maniwala sa Kaniya.
• Inaalok tayo ni Hesus ng buhay na walang hanggan.
• Si Hesus ang BAGING sa John chapter 15.

Pinapaliwanag ito ng bersikulo ngayong araw:
"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." John 3:16

(TRICK)
Tumingin tayo sa lahat ng mga target na ito sa pader. Hinihiling ko ang mga guro na pumunta sa harapan at gumawa ng kanilang tira sa mga target, sinusubukang tamaan ang gitna. (Himukin ang mga bata na mag-cheer para sa kanilang mga guro at tandaan kung aling guro ang nakakuha ng pinakamahusay na tira sa gitna ng mga target. Pagkatapos matapos lahat ng mga guro, tanggalin ang takip ng mga pamagat ng bawat target.) Pero anong tinitira nila? May mga guro na nakagawa ng magandang tira, natamaan nila ang sentro ng target, pero tinitira nila ang maling target. Hindi kapaki-pakinabang sa atin na tamaan ang target, kung ito ang maling target! Napakadali lang sa atin na subukang tamaan ang target ng kasikatan, nang hindi napapagtanto na mali ang tinitira natin!! Si Hesukristo ang target natin. Gusto nating mabuhay na konektado sa Kaniya, at samakatuwid maging konektado sa mga ugat na magbibigay sa atin ng tubig at pagkain. Manatiling nakapokus kay Hesus, para makuha ang mga tira mo ng tama!

Si Hesus ay hindi alaala ng nakalipas, buhay Siya ngayon. Hindi lang Siya isang espesyal na tao o propeta, Siya ang Anak ng Diyos. Hiniling sa atin ni Hesus na maniwala sa kaniya, tulad na lamang ng paniniwala ni Pedro sa kaniya. Makikilala natin si Pedro kinamamayaan ngayong araw, dahil bibisita siya sa atin!!! At tayo, tulad ni Pedro, ay maaaring piliin na maniwala!

# Mga istasyon ng rotasyon 1

## Silo Class 1

### Mga tanong at sagot

1. Sabihin sa iyong mga kamag-aral ang anumang mga benepisyo ng paniniwala sa Diyos na puwede mong maisip.
Hindi lamang ito tungkol sa pag-alam sa mga kuwentong Bibliya, pero tungkol din ito sa pagkilala sa Panginoon na nasa loob ng Bibliya, tungkol sa pagkatutong magtiwala na si Hesukristo ay buhay at hindi isang alaala ng nakaraan. Marahil sinasabi natin na naniniwala tayo, pero hindi tayo sigurado sa oras o paraan ang Diyos ay magsasalita sa atin, ang pinakamalaking benepisyo ay iyong mayroon tayong buhay na walang hanggan.

2. Saan nanggagaling ang pinaniniwalaan mo tungkol kay Hesus? Mula ba ito sa tradisyon, kung anong sinasabi ng isang pastor o guro, o mula sa personal mong karanasan sa Diyos?
Nakalulungkot, marami sa ating mga estudyante sa ating mga simbahan ay nagsasabing naniniwala sila sa Diyos, pero hindi dahil nagkaroon sila ng personal na karanasan kay Hesukristo. Maraming beses, mas madaling maging isang Kristiyano sa loob ng simbahan, na maging espirituwal kapag napapaligiran ka ng mga taong pareho ang ikinikilos (tradisyon). Pero pinakamahalaga ay kung paano tayo kumikilos sa kalsada, sa trabaho o eskwelahan at saan man tayo magpunta. Dito sa mga lugar na ito tayo binibigyan ng Diyos ng pinakadakilang mga aral ng ating buhay. Dito ay kung saan tayo natututo ng may mga aksyon at hindi gamit ang mga salita kung sino talaga si Hesus.

3. Personal, anong pinaniniwalaan mo tungkol kay Hesus?
Ang pinakamahalagang bagay ay iyong naniniwala ka na siya ang Tagapagligtas mo, na mayroon kang kaalaman niya sa isang pangpersonal na antas at hindi lamang naghahanap ng isang relihiyon kung saan maaari kang umangkop.





| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | 9 | 1 | 2 | 7 | 4 | 5 | 8 | | | |
| | | 4 | 3 | 2 | 4 | 5 | 3 | 6 | 7 | 8 | | |
| | 8 | 5 | 6 | 5 | 9 | 1 | 2 | 9 | 1 | 9 | 1 | |
| 8 | 7 | 6 | 9 | 1 | 8 | 7 | 6 | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| 9 | 9 | 7 | 5 | 6 | 7 | 9 | 4 | 8 | 3 | 1 | 7 | 6 |
| 1 | 2 | 3 | 4 | 8 | 4 | 6 | 5 | 4 | 3 | 5 | 9 | 7 |
| 5 | 4 | 2 | 3 | 2 | 3 | 7 | 2 | 1 | 2 | 1 | 9 | 8 |
| 7 | 6 | 5 | 4 | 1 | 9 | 8 | 9 | 8 | 7 | 6 | 2 | 1 |
| 8 | 9 | 3 | 5 | 6 | 1 | 7 | 3 | 6 | 5 | 7 | 3 | 2 |
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 9 | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 1 | |
| | | 3 | 4 | 9 | 8 | 2 | 4 | 8 | 7 | 6 | | |
| | | | 5 | 6 | 7 | 1 | 5 | 9 | 1 | | | |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | N | B | U | L | C | P | S | G | K | H |
| M | K | R | I | S | T | O | G | S | T | E |
| N | S | O | B | U | K | N | O | A | I | S |
| I | I | Y | A | N | A | K | Y | R | S | U |
| R | N | A | M | D | G | P | I | H | T | S |
| I | O | B | N | A | O | R | D | E | P | B |
| K | S | A | A | L | A | W | I | N | A | M |
| U | T | K | S | O | Y | I | D | T | A | N |
| B | A | G | I | N | G | A | Y | O | H | E |




# Picnic Kasama si Pedro 1

## Krus na gawa sa mga snack

**Mga sangkap:**

• Dalawang mga chopstick o pantuhog, isa na mas malaki kaysa sa isa pa, at isang plato para sa bawat estudyante.

• Mga ubas, berry, marshmallow o potato chips na may bilog na hugis.



**Instruksyon:**

• Bigyan ang bawat mag-aaral ng isang mahabang stick at isang mas maiksi.

• Ipakita sa kanila kung paano ituhog ang mga snack sa mahabang stick at pagkatapos patungo sa maiksing stick na makakabuo ng isang krus.

• Isa pang opsyon: Ipakita sa mga estudyante kung paano iayos ang mga snack sa plato sa isang krus na hugis.

• Kain na tayo!

## Drama kasama si Pedro

Nakilala ni Pedro si Hesus

Mateo 16:13-20

Eksena: Ipinakilala ni Pedro ang kaniyang sarili sa mga manonood bilang isang computer expert na specialized sa mga Web pages at binanggit na kakabalik lamang niya mula sa mall kasama ang kaniyang mga kaibigan. Dumating ang kaniyang mga kaibigan mula sa opening session ng isang malaking pagpupulong ng simbahan sa stadium at si Hesus (ang sikat na ebanghelista) ang guest speaker. Pagkatapos ng event, inimbitahan ni Pedro si Hesus sa isang restawran kasama ang kaniyang pastor at ilan sa kaniyang mga kaibigan.

• Bago dumating ang pagkain, sinabi ni Hesus kay Pedro,"Gusto kitang tanungin ng isang katanungan. Anong tingin ng mga kaibigan mo tungkol sa akin?"

• Tumugon si Pedro sa isang modernong paraan, sinasabi ng ilan na ikaw ang bagong Bakht Singh, iniisip naman ng ilan na ikaw ay magiging ang susunod na presidente ng ating bansa, sinasabi naman ng iba na ikaw ang susunod na Stephen Tong, Ayo Oritsejafor, Kong Hee, Matthew Ashimolowo, David Yonggi Cho, Charles Stanley, atbp. (Maaari kang pumili ng isang sikat na mangangaral mula sa bansa mo at banggitin sila dito para magbigay ng isang modernong panlasa sa dramang ito).

• At pagkatapos, tinanong ni Hesus si Pedro ng direkta,"Anong tingin mo sa akin?"

• Inilabas ni Pedro ang cell phone niya at nagsimulang mag-send ng isang mensahe sa kaniyang mga kaibigan,nagtatanong sa kanilang: Sino si Hesus? Yamang gusto niya ng isang sagot na direkta.
• Biglaang nakadama si Pedro ng isang bagay sa loob ng puso niya at kaniyang espiritu, bilang isang tugon mula sa Diyos at sinagot si Hesus “Ikaw si Kristo, ang Anak ng Diyos!”
• Sinabi ni Hesus na natanggap ni Pedro ang sagot na ito direkta mula sa Diyos at hindi mula sa mga cell message mula sa kaniyang mga kaibigan.
• Sina Hesus at Pedro ay tumayo at lumabas pagkatapos kumain ng _____(magpangalan ng isang partikular na pagkain sa iyong lugar). Sinabi ni Hesus kay Pedro na huwag magpadala ng anumang WhatsApp message o anumang email ng kaniyang mga kaibigan tungkol sa kung sino siya.
Pagtatapos na eksena nina Hesus at Pedrong paalis habang nagsasalita nang palakaibigan.

## Mga Barn Craft 1

### Kabayong Puppet



1. Gupitin ang template sa isang anyo ng kabayo.
2. Gupitin at tanggalin ang mga bahagi ng mga bilog.
3. Kulayan sa kung anong nagugustuhan mo.
4. Mag-glue ng 1 movable eye at gamit ang isang marker,iguhit ang bibig ng kabayo.
5. Maggupit ng 6 na piraso ng yarn na 3cm at 4 na pirasong 10cm.
6. Idikit ang 3 sentimetrong yarn sa batok ng kabayo.
7. Para sa buntot ng kabayo, gamitin ang ginupit na 10 sentimetrong yarn, ilagay lamang ang yarn sa maliit na butas at gumawa ng isang knot.

### Mga Handshake na may mga Kilos




Unang Araw: Ang Basic
Normal na pagbati
Rotasyon gamit ang hinlalaki
I-slide ang mga kamay mo
Palagitikin ang mga daliri habang hinihila mo ang iyong braso paurong

## Mga Vineyard Game 1

### Hockey Gamit Ang Walis






Para sa larong ito, kakailanganin mo ng 2 walis tambo at isang bola. Kailangan din na magmarka ng 2 goal. Magbuo ng 2 team at ilagay sila sa linya, isa sa harapan ng isa pa at ang bawat miyembro ay nakatalaga sa isang numero. Ang 2 team ay dapat na may parehong bilang ng mga kalahok. Ang bola at ang mga walis ay nakalagas sa sentro ng court. Magsasabi ang guro ng isang numero, at ang bata ng bawat pangkat ay tutugon sa numerong ‘yon, dapat na tumakbo, at kunin ang walis at subukang ilagay ang bola sa kabaliktarang goal.

Hindi dapat madampian ng mga paa ang bola, walis lang ang gamit. Kapag naka-score sa goal, dapat nilang iwan ang mga walis at bola sa gitna. Ang may pinakamaraming score na pangkat ang mananalo.

## Pagtatapos gamit ang Musika at puppet show 1

Tandang: Kamusta Kabayo!



Kabayo: Dapat akong maniwala; dapat akong maniwala (mabilis itong dadaan sa stage nang hindi tumitigil)

Tandang: Uy kabayo! Kasama na namin ang mga lalaki't babae dito sa VBS. (Vacation Bible School) Kamusta, maligayang pagbati (babaling sa mga bata para magsabi ng kamusta).

Kabayo: Uy! Uy! Kamusta tandang, kamusta sa lahat, pasensya na nagmamadali ako. (iiwanan ang eksena at babalik, pero may suot na kawali sa kaniyang ulo).

Tandang: Uy! Saan ka pupunta suot ang kawaling 'yan sa ulo mo?

Kabayo: Gagawa ako ng isang makina para malaman kung ang utak ko ba talaga ay naniniwala na si Hesus ang Anak ng Diyos.

Tandang: Pero bakit?

Kabayo: Nabasa ko sa Bibliya na sobrang mahal tayo ng Diyos na ibinigay niya ang nag-iisang anak niya para ang lahat na naniniwala sa kaniya ay hindi magdurusa, pero magkakaroon ng walang hanggang buhay. (Juan 3:16) ... Kailangan kong masigurado na naniniwala ang utak ko tungkol dito, ayaw kong mamatay.

Tandang: Naniniwala tayo sa maraming bagay, kahit na hindi natin nakikita ang mga ito. Bilang halimbawa, naniniwala tayo na may mga bato sa buwan, bagaman hindi pa tayo nakakapunta doon. Pareho iyon sa Diyos. Bagaman hindi natin siya nakikita, naniniwala tayo na tunay siya at 'yung mahal niya tayo. Ang paniniwala dito ang unang hakbang sa tunay na kaligtasan. Naniniwala ka ba?

Kabayo: Siyempre naman, naniniwala ako na si Hesukristo ang Tagapaglitas ko, pero uy... uy ... uy ... ngayon dapat akong mag-disconnect ng ilang power cable.

Tandang: Mga power cable? Bakit?

Kabayo: Gusto ko subukan ang isang super electric shock muna at subukan ito sa kuneho. Oops!

# Aralin 2


## Pamagat 2

**Pinili kong magbago**
Bible Story: Itinanggi ni Pedro si Hesus
Mateo 26:69-75

## Bersikulo 2

“Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios.”Mga Taga-Roma 3:23

## Trick 2




Para sa trick na ito, kailangan mo ng 2 malaking piraso ng diyaryo, mas maigi kung eksakto na parehong piraso. Para makamit ito, pwede kang bumili ng 2 diyaryo sa parehong araw, at piliin kung aling pahina ang gusto mo, kunin ang parehong piraso mula sa parehong diyaryo. (Una, gamitin ang mga piraso na hindi mo mga paborito para subukan ito at magawang itapon ang gamit na mga pahina.) Sunod, kailangan mong ihanda ang trick mo. Gumamit ng isang imahe ng alinman na iba pang piraso ng diyary para lumikha ng isang sikretong envelope sa isa sa iyong mga diyaryo. Gumamit ng clear tape sa diyaryo para lumikha ng envelope para hindi ito makita ng mga bata. Ngayon, kunin ang isa pang piraso ng diyaryo na kapareho at maliit na itupi ito para makapasok ito sa envelope. Sa oras ng aralin, habang nagsasalita ka, maingat mong pupunitin ang harapang pahina ng diyaryo nang hindi pinupunit ang envelope o sheet sa loob. Pagkatapos ay ilabas ang ikalawang sheet para magmukha itong tulad ng isang milagro dahil hindi ito napunit. Para umubra ito, dapat mo muna itong i-rehearse nang ilang beses .

## Pangunahing Aralin 2

Maligayang pagbabalik sa VBS“Magpunta Tayo sa Bukirin!!!” Marami sa inyo ang nakakaalam na ng sagot sa katanungang, “Sino ang baging?” Si Hesus.
Ngayon, pag-aralan natin ang sumusunod na parirala ng bersikulo... “Ako ang baging, at ikaw ang mga sanga.” Ano ang mga sanga? Sila ang pinakamahinang parte na tumutubo sa baging, nandito ang mga dahon at prutas. Walang ugat ang mga ito. Natatanggap ng mga ito ang lahat ng kanilang mga sustansya mula sa mismong baging. Sinu-sino ang mga sangang ito??? TAYO! Hindi pinag-uusapan ng bersikulo ang tungkol sa 112 mga disipulo o iba pang mga tao ng biblikal na panahon... Sinasabi ni Hesus ang tungkol sa’yo at sa akin: MGA TAO!



Alam natin kung sino ang mga tao: ito ang mga tao na nasa paligid natin, naglalakad papuntang school, nagsho-shopping sa sulok ng grocery store, nagtatrabaho sa mga factory, sakahan, opisina, at maraming mga kapitbahay na nasa paligid mo. Tayo ang mga tao na nasa planetang Earth. Ilang mga tao ang tila masama at ang iba ay mabubuti. Tila ang masasamang tao ay nagnanakaw at nandaraya habang ang

mabubuti ay gumagawa ng kanilang takdang aralin, nagpupunta sa simbahan, at maging pagpaparusa sa masasamang tao kapag kinakailangan. Pero ano bang sinasabi ng Bibliya tungkol sa mga tao?
Ngayong araw, tutulungan tayo ng bersikulo tungkol dito: “Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios.”Mga Taga-Roma 3:23. Dito, mukhang hindi tayo masyadong mabuti.
Halata ito na sa Diyos, LAHAT ng mga tao ay nagkasala. Nakagawa tayo ng pagkakamali at nakagawa tayo ng isang bagay na mali sa isang punto ng anting mga buhay. Dahil sa masamang kaugalian natin, isang parusa ang dumating sa atin: nararapat tayo ng kamatayan, ito ang sinasabi ng Bible verse: “Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan” (Mga Taga-Roma 6:23).
Pero hindi nagtatapos ang kasaysayan dito! Hiniling sa atin ni Hesus na magsisi at talikuran ang ating mga kasalanan. Hiniling niya sa atin na magdesisyong ‘di magkasala, at lumapit sa Kaniya. Hiniling niya sa atin na kumonekta sa Kaniya, tulad ng pagkakakonekta ng sanga sa baging.
(TRICK)
Tingnan ang diyaryong ito. Sinusubukan nating maging mabuti, pero sa huli humahantong tayo sa pagkakasala. (Simulang punitin ang diyaryo habang nagsasalita ka.) Na tila ba bawat kasalanan ay pinupunit tayo sa dalawa at tayong lahat ay punit tulad ng diyaryong ito. Pero si Hesus ang baging natin, at kaya niya tayong panatilihin na magkakasama! (buksan ang isa pang diyaryo, ipakita na hindi ito napunit.)
Heto ang alam natin:

- Lahat ng tao ay masasama sa puso.
- Nararapat tayo sa kaparusahan dahil sa ating masamang mga kaisipan, salita, o gawa.
- Maaari tayong magsisi sa Diyos at tigilan ang paggawa ng masasamang mga bagay.
- Kailangan natin si Hesus.
- Tayo ang mga SANGA ng John chapter 15.

Makikita natin ngayong araw kay Pedro na kaya nating lahat gumawa ng napakalaking mga pagkakamali, pero maaari rin tayong makatakas mula sa pagkakasala, magsisi, at gawin ang tamang mga bagay. Maaari nating piliin na magbago!

# Mga Istasyon ng Rotasyon 2

## Silo Class 2

### Mga tanong at sagot





1.Si Pedro ay na-pressure mula sa mga tao para aminin na siya ay disipulo ni Hesus. Anong parehong pressure ang mayroon ka ngayon para aminin na ikaw ay isang Kristiyano?
Minsan pakiramdam natin ay tulad tayo ni Pedro, napipilitang magkunwari na totoong mga disipulo ni Hesus, madali lang pumunta sa simbahan, pero ang pagsasabuhay ng salita ay mahirap. Ang pag-amin sa publiko na ikaw ay isang Kristyano ay nangangahulugang susubukan ka sa pamamagitan ng pagtanggi, pangungutya at kahihiyan mula sa iyong mga kaibigan o pamilya. Kaya mo ba talagang tagalan ang mga presyur?
2. Nagalit ang kaibigan mo sa’yo dahil hindi ka pupunta sa kanilang party na kasabay ng oras ng church meeting ninyo na kung saan naka-schedule ka para makilahok. Papaano ka gagawa ng isang pagbabago kung ikaw ay mayroong isang pagkakaibigan na siguro hindi gusto ng Diyos?

Malaki ang kapalit ng pag-iwan sa palakaibigang relasyon kapag hiniling sa atin ng Diyos na baguhin ang mga ito para sa kaniya, lalo na kapag kasama dito ang pagharang sa'yo mula sa mga gawaing pakikipagkapwa.

3. Anong mga aktibidad ang isinantabi mo para sa iyong sarili, at hindi mo pinahintulutan si Hesus na baguhin?

Sinabi ni Hesus na,"sundan ako," at mahirap ito, dahil nagpapahiwatig ito ng ganap at walang pasubaling pagsuko. Ito'y nangangahulugan ng pagiging ganap na nakadepende kay Hesus, kahit na kapag sinabi niya sa'yo na gumawa ng mga pagbabago sa iyong buhay, kahit na masakit ang mga ito o kumplikado.



## Anong babaguhin mo?

Nang iniisip ang tungkol sa iyong pang araw-araw na buhay, isulat o iguhit ang mga litratong nagpapakita ng mga aksyon na maaari mong baguhin para pasayahin ang Diyos.

Paano ka tutugon sa isang taong nananakit at nagtataksil sa'yo?


Isang sandali sa iyong buhay na hinihiling mo na maaaring mabago.
Halimbawa: Nang sisihin ko ang aking kapatid na lalaki para sa masasamang aksyon ko.


Isang bagay na gusto mong mangyari sa iyong buhay.
Halimbawa: Isang trip papuntang ibang bansa

Paano babaguhin ng isang tao ang kaniyang pag-uugali? ang kanyang karakter

Anong maaaring mabago sa isang kanta? Pagtatanggol at pagmumura

Anong maaaring mabagi sa isang pelikula? Mga adult scene





| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | I | S | M | G | A | L | M | A | S | M | G | A | K | I |
| G | N | I | G | A | B | M | R | M | G | A | U | G | A | T |
| N | M | M | A | A | D | I | G | A | H | E | S | U | S | A |
| M | A | G | S | I | S | I | P | A | E | L | U | U | A | G |
| A | S | S | A | T | U | R | P | R | D | M | S | E | L | D |
| N | A | G | N | A | L | I | A | G | N | A | G | N | A | P |
| P | M | A | G | A | N | G | A | I | L | A | H | A | N | S |
| G | A | G | A | B | S | A | N | C | A | R | U | O | A | I |
| P | R | U | K | A | P | A | R | U | S | A | H | A | N | R |

# Picnic Kasama si Pedro 2

## Popcorn Corn

Mga sangkap:
• Popcorn.
• Cellophane na paper bag o transparent na plastic bag.
• Square ng 20cmx20cm na green paper.
• Isang piraso ng jute, string, yarn, o isang brown na sinulid.



Mga instruksyon:
• Bigyan ang bawat estudyante ng isang maliit na bag, popcorn, isang piraso ng papel, isang piraso ng string.
• Punuin ang clear bag mo ng popcorn sa isang corn cob na hugis.
• Kunin ang parisukat na papel mo at pagsamahin ang tatlong mga sulok sa gitna at idikit o i-tape ang mga ito para magmukhang isang envelope na may diretsong sulok.
• Ipasok ang popcorn cone mo sa loob ng papel at mananatili ito tulad ng isang tenga ng mais, itali ang gitna ng mais mo gamit ang isang maliit na string.
• Ngayon mayroon ka nang isang tenga ng mais na handa para kainin!

## Drama Kasama si Pedro

Itinanggi ni Pedro si Hesus (Mateo 26: 69-75)
Eksena: Si Pedro ay nasa likod ng ilang sanga at nagtatago, at si Hesus ay nasa kabilang dako ng plataporma, nakatali at ang kaniyang ulo ay nakababa (SIGURADUHING HINDI TITINGIN SINA HESUS AT ANG MGA HARAGAN KAY PEDRO). Binabantayan ng haragan si Hesus para hindi ito makatakas, nakaupo ito malapit sa campfire sa beach umiinom ng beer. Bumulong si Pedro sa audience sa likod ng lamesa.
(Mas madali ito sa unang seksyon kay Pedro na sabihin sa audience kung anong nangyari sa pinangyarihan, habang nagtatago mula sa haragan.)
• Sasabihin ni Pedro sa lahat na sila ay nasa mall ___(magpangalan ng isang lokal na mall) umaga.
• Daglian, ilang mga haragan ang dumating at nagsimulang atakihin si Hesus at itinali ito.
• Takot ang lahat, marami ang nagsimulang sumigaw, pero ang mga haragan ay nagsimulang mamaril.
• Inilagay ng Mafia si Hesus sa isang van, pero nagawa ni Pedrong sundan sila mula sa malayo.
• Bago sila mawala, nagawa ni Pedro na maglagay ng isang GPS locator sa kotse na nagdala kay Hesus.
• Minaneho ni Pedro ang kaniyang motor at sinundan ang mga ito sa beach __ (magbanggit ng isang coastal city sa bansa mo)
• Sasabihin ni Pedro sa manonood na pinapanood nila ngayon ang mga haragan na nasa beach ng ________
(Sa seksyong ito, sina Pedro, Hesus at ang mga haragan ay magsisimulang umarte)
• Maingat na nagsimulang maglakad si Pedro patungo sa mga haragan at patungo kay Hesus at nagsimula silang magsalita tungkol sa panahon.
• Nagbigay ang haragan kay Pedro ng isang upuan.
• Nakatanggap ang haragan ng isang mensahe sa kaniyang cell phone mula sa driver ng isang litrato ng ilang tagasunod ni Hesus. Sinabi ng haragan kay Pedro na inaakusahan siya ng mga ito ng pagiging kasamahan (kaibigan) ni Hesus.
• Itinanggi ni Pedro ang akusasyon at sinabing hindi niya ito kilala.
• Isa pa sa mga nandodoon ang nagsabi na naniniwala siyang si Pedro ay isang kaibigan ni Hesus. (Isa sa mga guro mo ang maaaring sumigaw mula sa audience)

• Itinanggi muli ito ni Pedro.
• Sinabi ng haragan kay Pedro na ang paraan ng kaniyang pananalita at accent ay kahawig ng mga WhatsApp group na ‘yon na nagngangalang “Mga Kaibigan ni Hesus” at hindi #HulihinSiHesus at sinabi sa kaniyang,“Tingin ko isa ka sa kanila.”
• Sa pangatlong beses, tumanggi si Pedro at nagsabing,“Hindi ko alam kung anong sinasabi nila.”
• Biglaan, ang alarm ng cell phone ni Pedro ay nag-ring at ang tono ay may tunog ng tilaok ng tandang.
• Kaagad pagkatapos ng alarm, tumingala si Hesus at tumingin direkta kay Pedro.
• Tumakbo sa gilid ng plataporma si Pedro at nagsimulang umiyak ng malakas at hiniling kay Hesus ang kapatawaran.
(Umalis ang lahat ng tao sa pinangyarihan at sa pangatlong pinangyarihan, sina Hesus at Pedro ay makikitang naglalakad nang masaya sa sandaling patawarin ni Hesus ang pagtataksil ni Pedro) Sinabi ni Hesus kay Pedro na babalik siya sa Mexico City (pwede kang magbanggit ng isang lungsod ng bansa mo) pansamantala, pero makikipag-ugnayan sila sa pamamagitan ng WhatsApp, Facebook at email.

## Mga Barn Craft 2

### Sumbrerong Manok



1. Gumawa ng mga kopya ng mga craft pattern at i-trace ang pattern sa colored paper.
2. Gupitin ang mga parte, itupi ang pinakamalaking puting piraso sa tatsulok na hugis at i-glue ang likuran na makakabuo ng isang cone. I-trim ang ekstrang papel sa ilalim.
3. Mag-glue ng dalawang maliit na wiggle eyes at mag-iwan ng mga 10 sentimetrong taas sa itaas ng mga ito.
4. I-glue ang mga pakpak sa magkabilang gilid malapit sa mga tenga.
5. Gumupit ng isang dilaw na tuka at i-glue ito sa ilalim ng mga mata.
6. Gumupit ng isang pulang crest at idikit ito sa tuktok ng manok.
7. Sa wakas, magtali ng ilang kulot na laso o string sa ilalim para maitali mo ang rooster hat sa ulo ng bata.

### Mga Handshake at Galaw

Ikalawang Araw: Kamao at Paru-paro
Magkuyom ng kamao at ipagbanggaan nang pataas at pababa sa kamao ng isa pang tao
Magkuyom ng kamao at pinagbabangga ang harapan
Umikot gamit ang hinlalaki mo nang hindi bumibitaw, wumagayway paitaas

## Mga Vineyard Game 2

### Higanteng volleyball





Gumamit ng isang bola o magpalobo ng isang lobo para maglaro ng volleyball. Maglaro ng volleyball kasama ang mga bata gamit ang

anumang improvised na net, tulad ng isang linya ng mga upuan, yarn na tinali sa 2 puno, isang linya ng disposable na pinggan sa lupa, atbp.

## Pagtatapos Gamit ang Musika at Puppet Show 2



Tandang: Kamusta mga guys at girls, kahapon natuto tayo na si Hesus ang baging, at ngayong araw tungkol sa... (huminto siya at nagsabing) pero nasaan ang kabayo para sa pagtatapos ngayong araw?

Kabayo: Nahihiya ako nang sobra. Hindi ako maaaring umalis... (tumugon nang hindi pumapasok sa eksena)

Tandang: Ano ba, hinihintay ka ng mga estudyante, para matapos natin 'to nang magkasama  gamit ang tema ngayong araw.

Kabayo: Hindi, ayoko. Pasensya na talaga.

Tandang: Pero handa na kami, lumabas ka na dito ngayon ... mga bata, magbibilang ako ng tatlo, pakiusap, sumigaw kayo ng, "talon kabayo!"

1,2,3 ... Talon kabayo!

Kabayo: (Lumabas ito na may suot na bag sa ulo nito at dalawang butas kung nasaan ang mga mata nito)

Tandang: Bakit ka may bag sa ulo mo? Hindi ka makita ng mga bata.

Kabayo: Teka lang, pero tatawa sila. (Umalis ang kabayo mula sa eksena nang ilang sandali para tanggalin ang bag, at bumalik sa eksena.) Nakagawa ako ng isang seryosong pagkakamali. Gusto kong magbago, dahil pinili kong magbago... ang gupit ko... Pagkatapos naisip ko na mas maganda kung gagawa ako ng sarili kong estilo. Kinuha ko ang gunting at ginupit ito... Syempre, nagulo ko ang aking buhok.

Tandang: (Nagpipigil sa pagtawa.) Alam ko na malungkot ka dahil dito. Nang matutunan natin na maaari tayong magbago, hindi ito nangangahulugan ng pagbabago sa itsura. Naging mali tayo at nakagawa ng isang bagay na mali sa isang banda. Nararapat tayo sa kaparusahan, tulad ng sinasabi ng Bibliya sa Mga Taga-Roma 3:23,"Sapagka't ang lahat ay nangagkasala" at sa Mga Taga-Romano 6:23 "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, pero ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan."

Kabayo: Ahhhh! Binabago nito ang paraan ng pamumuhay natin.

Tandang: Eksakto.

Kabayo: Tingin ko dapat na 'kong umalis! Pwede ka bang sumama sa'kin papunta sa tindahan ng papel?

Tandang: Oo naman, anong bibilhin mo

Horse: Igu-glue ko ang buhok ko.

Rooster: Medyo hangal 'yon!

Kabayo: (Tumatawa tulad ng isang kabayo) Joke lang ha ha ha.

# Aralin 3


## Pamagat 3

**Pinili Kong Sumunod**
Bible Story: Natanggap ni Pedro ang kaniyang tawag
Mateo 4:18-22

## Bersikulo 3

"Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay magsisipanahan kayo sa aking pagibig; gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa kaniyang pagibig."Juan 15:10

## Trick 3




Para gumana ang trick mo, kailangan mo ng isang sobrang transparent na sinulid sa platform at 2 mga lobo. (Kumuha ng ekstrang mga lobo kung sakaling may pumutok na isa.) I-rehearse muna ang trick mo nang maraming beses kapag walang sinuman ang makakakita sa'yo sa simbahan. Syempre, kailangan mong humanap ng isang lugar para ilagay ito kung saan hindi ito makakaharang sa musical group o iba pa, at walang sinuman ang makakakita dito bago ang trick. Itali ang sobrang transparent na sinulid mo mula sa isang bahagi ng simbahan patungo sa isa pa. Bago itali ang isang bahagi ng string, maghanda ng isang paper tube tulad ng isang maliit na piraso ng straw (gupitin) at ilagay ito sa string. Sa ipinakitang sandaling palobohin mo ang isang lobo, nang hindi ito sinasara, at i-tape ito sa straw. (Isang bata o guro ang maaaring tumulong na panatilihin itong nakasara habang idinidikit ito gamit ang malakas na tape.)

## Pangunahing Aralin 3

Maligayang pagdating sa ikatlong araw ng VBS"Pumunta Tayo sa Bukirin!!!" Ilan sa inyo ang nakakaalam ng mga sagot sa mga katanungang  ng naunang dalawang araw ng VBS? Sino ang baging? Si Hesus. At sino ang mga sanga? Tayo. Napakahusay!
Ngayong araw, pag-aaralan natin ang sumusunod na parirala mula sa bersikulong... "Ako ang baging at kayo ang mga sanga. Kung mananatili kayo sa akin at ako sa inyo…"
Anong ibig sabihin nito? Gusto ni Hesukristo na manatili TAYO sa Kaniyang KONEKTADO. Kailangan nating manatili sa Kaniya, hindi lamang magdasal paminsan-minsan, o basahin lamang ang ating Bibliya sa simbahan... ngunit MANATILING KONEKTADO sa Kaniya sa lahat ng oras. Pero ang mahirap na parte ay...paano natin ito gagawin??? Ang punto ng koneksyon sa baging ay napakahalaga, dahil doon nakakakuha ang sanga ng lahat ng lakas nito. Sa katunayan, alinmang halaman na naputol at hindi konektado ay natutuyo at namamatay.
Ikaw at ako ay gustung-gusto ng pagiging malaya, at matuto kung paano maka-survive sa bayan natin, o manguna sa klase. Ayaw natin na dayain tayo ng iba. Hindi natin gusto kapag inuutusan tayo ng ibang tao at sinasabi kung ano ang dapat



nating gawin. Gustung-gusto nating pangalagaan ang ating mga sarili at magkaroon ng kakayahang lumabas nang mag-isa. Pero malinaw na sinasabi sa atin ng Bibliya na si Hesus mismo ay gusto tayong pangalagaan. Gusto niya tayong bantayan, panatilihin tayong konektado, at protektahan tayo mula sa masasamang bagay sa paligid natin. Kailangan nating kumonekta kay Hesus panatilihin ang ating mga sarili sa ganoong paraan!

Paano natin mapapanatili ang koneksyon sa Kaniya, kung pisikal na walang paraan upang kumonekta? Tutulungan tayo dito ng bersikulo ngayong araw: “Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay magsisipanahan kayo sa aking pagibig; gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa kaniyang pagibig.” Juan 15:10. Madaling isipin na konektado tayo, pero ang tanging paraan para malaman kung ang isang tao ay konektado kay Hesus ay sa pamamagitan ng pagtingin sa kaniyang mga aksyon. Ang ating pagiging masunurin sa Diyos ay ang nagpapanatili sa ating konektado sa Kaniya. (TRICK)

Tingnan ang lobo na ito at kung paano ito maaaring maging diretso. (Ipadala ang lobo na naka-tape sa sinulid) Ngayong tingnan ang lobo na ito. (Magpadala ng isang loose na lobo) Aling lobo ang dumiretso? Ang pagkamasunurin sa ating buhay ang nagpapanatili sa ating diretso, tulad na lamang ng lobo na ito. Kaya mo bang manatiling konektado kay Hesukristo, at samakatuwid mayroong kinakailangang tulong para mabuhay nang mahusay?

Isang buod ng pagkamasunurin. Heto ang mga basic …

- Kilala tayo ni Hesus at nakikita niya tayo.
- Sinisimulan natin ang koneksyon sa pamamagitan ng pag-imbita kay Hesus patungo sa ating mga puso.
- Ang tugon natin kay Hesus ay PAGKAMASUNURIN.
- Kailangan natin na manatiling konektado sa Kaniya araw-araw.
- Kailangan nating manatili kay Hesus, tulad ng sinasabi ng Juan 15.

Hinihiling sa atin ng Diyos na manatiling konektado sa Kaniya, at huwag maglakad nang mag-isa. Maaari tayong tumugon gamit ang pagkamasunurin, tulad ng makikita natin na ginawa ni Pedro, pag-iwan sa lahat ng bagay para sumunod sa lalong madaling panahon. Manatili tayong konektado! Piliin nating sumunod!

# Mga Istasyon ng Rotasyon 3

## Silo Class 3

### Mga tanong at sagot




1. Bukod sa pagbabasa ng Bibliya at pagdarasal, ano pang mga bagay ang gagawin mo para manatiling konektado kay Hesukristo at ipakita na masunurin ka?

Maraming mga Kristiyano ang nag-iisip na ang pagdarasal, pagbabasa ng Bibliya at pagpunta sa simbahan kada Linggo ay sapat para ipakita ang pagiging masunurin. Pero nakakalimutan natin na kung tayo ay mga disipulo ni Hesus, kung gayon ay dapat nating sanayin kung anong sinasabi ng kaniyang salita. Bawat araw kapag tayo ay nasa eskwelahan o trabaho, mayroon tayong mga situwasyon na kung saan ay dapat nating ipakita ang pagkamasunurin sa Diyos.

2. Mino-motivate ka ng Diyos para maging isang guro sa susunod na VBS. Pero sinasabi sa’yo ng mama mo na hindi ka pwedeng magtrabaho sa inyong simbahan kung hindi ka mag-aaral at makakakuha ng magandang grade sa school. Sinong pipiliin mong sundin?

Subukan na magkaroon ng isang bukas na diskusyon kasama ang iyong mga estudyante, kung saan walang sinuman ang huhusga sa isa pa. I-share ang sarili mong mga pagkakamali at kabiguan para

matulungan din silang mag-open. Bilang halimbawa, kung hindi ka mag-aaral para sa isang pagsusulit at bumagsak at pagkatapos magkaroon ng mga problema, humanap ng gabay sa pinakapangit na lugar o sa mga hindi naaangkop na tao.


3. Ano ang katuwiran ang binibigay mo kay Hesukristo, para hindi mo kailanganing sundin ang kaniyang tinig? Marahil sinasabi mo na wala kang kakayahang mangaral, na iakw ay isang babae, o ikaw lamang ang tanging Kristiyano sa inyong pamilya?


Sa Bibliya, maaari kang makahanap ng mga karakter na nagbigay katuwiran sa Diyos para hindi siya sundin pero tandaan na hindi mahalaga kung kaunti lamang o wala tayong kakayahan. Hindi hinihiling sa'yo ni Hesukristo na maging perpekto para gamitin ang iyong buhay, pagkamasunurin ang hiling Niya. Sinabi ni Moses na hindi siya masyadong magaling magsalita, hindi alam ni Gideon at kay David naman ay kaunti lang!



## Gumuhit!






| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | E | D | R | M | G | A | S | A | N | G | A |
| K | O | M | E | K | T | A | B | A | M | N | T |
| G | D | O | N | U | M | U | S | U | G | A | A |
| A | Y | L | B | I | B | A | G | I | A | D | N |
| K | O | N | E | K | T | A | D | O | U | N | D |
| A | G | N | I | G | A | B | I | G | T | A | O |
| B | A | G | I | M | G | B | I | O | O | T | R |
| A | I | L | I | T | A | N | A | M | S | T | D |
| Y | A | Y | B | I | B | L | I | Y | A | U | E |
| K | G | I | B | I | G | A | P | T | O | S | P |

# Picnic Kasama si Pedro 3

## Isda



Mga sangkap:
• Parisukat na tinapay na inihanda sa gusto mong paraan.
• Mga carrot na hiniwa sa kalahating buwan na hugis.
• Pipino na hiniwa sa manipis pero manipis na mga strip.
• Nilagang itlog na hiniwang pabilog.
Opsyonal: Hiniwang mga black olive

Mga instruksyon:
• Magbigay ng isang parisukat na tinapay na inihanda para sa bawat estudyante mo.
• Pwede mong gamitin ang carrot, pipino, nilagang itlog o anumang gulay na gusto mo para lagyang dekorasyon ang isda mo.
• Ang itlog ay maaaring para sa mga mata, ang carrot ay para sa mga kaliskis, at ang pipino para sa mga palikpik.
• Kain tayo!

## Drama Kasama si Pedro

Natanggap ni Pedro ang kaniyang tawag (Mateo 4: 18-22)
Eksena:
Gustong i-announce ni Pedro sa audience kung paano niya nakilala si Hesus. Ang sketch na ito ay napakasimple, dahil si Pedro ay naglalakad lamang mula sa isang bahagi patungo sa isa pa habang nagsasalita siya tungkol sa mga kaganapan.
(Hindi kumikilos si Hesus ngayong araw, kahit na bukas)
• Nagbo-browse ako sa internet gamit ang aking Smart G5, nagse-search sa Google para sa ilang tools na kailangan ko para i-update ang page ko para sa aking trabaho.
• Tulad ng alam ng iba sa inyo, nagtatrabaho ako sa isang Web page na nakakatulong para doon sa mga taong naglalaro online at lumulutas ng mga problemang kinakaharap ng mga player.
• Nang ako'y nasa internet, nakakita akong lalaking tinatawag na Hesus, na mayroong Christian page na merong sobrang kool na interface. Ang page niya ay may musika ng Hillsong, pangangaral at mga libro ng mga may-akda tulad nina John Maxwell at Rick Warren.
• Habang nakikipag-chat ako kay Hesus sa WhatsApp, inimbitahan niya ako para i-like ang fan page niya at sumali sa kaniyang website para magsilbi sa mga tao sa kanilang paniniwala at hindi lang para tulungan silang maglaro.
• Sa parehong araw na 'yon, nag-submit ako ng aking resignation sa trabaho at sinimulan ang trabaho kasama si Hesus kahit na bagaman hindi ako nakakatanggap ng sahod. Iniwan ko ang lahat na pumunta sa trabahong inalok niya sa akin.
• Simula noong araw na 'yon napakaganda ng buhay ko... bilang isang disipulo ni Hesus! Sa mga araw na iyon, hindi ko alam kung gaano kasikat noon si Hesus, pero ngayon alam ko na. Mahal siya ng mga tao kahit saan kami magpunta at iniisip nila na siya ang pinakadakilang internasyonal na lider na mayroon.

# Mga Barn Craft 3

## Kamalig

1. I-download at i-copy ang kamalig at memory verse. I-print ang kamalig sa pulang papel kung gusto. I-print ang bersikulo sa puting papel.

2. Para gawin ang straw, gumupit ng 6 na strip ng dilaw na laso sa 6 sentimetrong sukat at mag-glue ng 3 sa bawat gilid, at 6 na strip ng 2.5 sentimetrong sukat at i-glue ang mga ito sa maliit na bintana.
3. Kulayan ang papel na may biblikal na teksto at i-glue ito sa likod ng pinakamalaking parihaba.
4. Gumamit ng glitter para mag-decorate kung gusto.



### Mga Handshake na may mga Galaw




Ikatlong Araw: Isda
Pagsamahin ang mga palad ng mga kamay mo
(Igalaw ang mga ito tulad ng isang isda na lumalangoy...)
Ipalakpak ang mga kamay mo ng 3 beses, panatilihing magkasama sa panghuling beses
Panatilihin ang kaliwang kamay mo na magkasama
Ang kanang kamay ay gagalaw pataas, gitna, baba, at sa pagitan.

## Mga Vineyard Game 3

### Mga Obstacle race






Bago ang klase, bumuo ng isang track na may mga obstacle. Maaari mong gamitin ang mga item na ito: mga paper bag, kung saan ang bawat bata ay dapat na ilagay ang kaniyang paa paloob at palabas; magmarka ng isang bilog gamit ang sinulid para makabuo ng isang lawa, dapat itong talunin ng mga bata; bumuo ng isang daan gamit ang mga disposable na plato, ang mga bata ay dapat na tumapak sa bawat plato; gumawa ng isang tumpok ng kahoy, ang mga bata ay dapat na dumaan sa ibabaw nito; magsabit ng mga lobo mula sa isang puno sa magkakaibang taas, ang mga bata ay dapat na dumaan sa ibaba nito nang hindi nadadampian. Dapat na lakbayin ng mga bata ang obstacle course ilang isang team o magkakahiwalay, i-record kung gaano ito katagal inabot. Siguruhin na nakikilahok ang buong team; maaari ninyong tulungan ang isa't isa. Maaari ka rin magdagdag ng higit pang mga aktibidad, tulad ng: talong palaka, pag-ikot, atbp. Ang una o pinakamabilis na pangkat na makakatapos sa course ang mananalo.

## Pagsasara Gamit ang Musika at Puppet Show 3



Kabayo: Tingnan mo tandang! Nagdala ako ng isang cake para sa mga bata sa VBS! (Ang kanayo ay papasok na may flat na cake. Pwede kang gumawa ng isang bilog na cardboard at palamutian ito na hindi masyadong maganda.)

Tandang: Pero mukhang cookies yan at medyo pangit ang pagkakadekorasyon. Bakit hindi ito umalsa at naging spongy tulad ng lahat ng mga cake at tinapay?

Kabayo: Buweno, pinanood ko ang isang video sa Facebook ko kung paano gumawa ng cake at naisip ko na maganda kung gagawa nito para sa mga bata sa

VBS, kaya pinainit ko ang oven, tinipon ang mga sangkap at sinimulan kong gumawa.

Tandang: Kabayo, sigurado ka ba na ginamit mo lahat ng mga sangkap at sinunod lahat ng mga hakbang?

Kabayo: Buweno, gusto ko maging independent at malikhain, dahil wala akong baking powder at vanilla. Naisip ko lang na baka hindi na mahalaga kung lalaktawan ko ang mga sangkap na 'yon, walang makakapansin. Nilaktawan ko rin ang ilang mga hakbang sa pagde-decorate na parte.

Tandang: Kabayo, tinatawag itong hindi pagsunod at tandaan ang natutunan natin sa Juan 15:10, ""Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay magsisipanahan kayo sa aking pagibig; gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa kaniyang pagibig."

Kabayo: Kung ganon, si Hesus mismo sinunod ang kaniyang Ama?

Rooster: Oo, at dapat nating sundan ang kaniyang halimbawa. Kung hindi, tingnan mo kung anong nangyari sa'yo dahil sa 'di pagsunod sa ilang mga hakbang kapag gumagawa ng cake.

Kabayo: Naku!  Patawad! Tingin ko mas magandang hindi kainin ang mga cupcake na ginawa ko.

Tandang: Ano? Ngayon sinasabi mo 'yan! Nakatatlo na ako!

Kabayo: Oops! Mas maganda kung pupunta ka diretso sa doktor. Kasi pareho ang kulay ng chocolate at saka putik.

# Aralin 4


## Pamagat 4

**Pinili kong kumilos**
Bible Story: Nangaral si Pedro nang may Lakas
Mga Gawa 2:14-41

## Bersikulo 4

“Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga.” Juan 15:16

## Trick 4



Para sa trick na ito, kailangan mo ng 2 identical na mga envelope. Gamit ang isang malaking grupo, mas maganda gumawa ng isang higanteng envelope mula sa isang sheet ng card stock. Para gawin ang magic envelope mo, gumamit ng 2 identical na mga envelope. Gupitin ang harap at ilagay ito sa loob ng isa pa at magtago ng ilang sheet ng colored paper sa loob, printed ng ilang mga parirala ng mahahalagang trabaho at mabubuting gawa. Pwede mo ipakita na ang envelope ay walang laman. Sa ipinahiwatig na sandali, sisirain mo ang isang bahagi ng envelope, at ilalabas mo ang mga colored sheet. Para gumana ang trick na ito nang mahusay, kailangan mong magkunwari na mayroon ka lamang 1 envelope na walang laman. Sikreto itong subukan nang ilang beses para magawa mo ito nang mahusay sa iyong VBS.

## Pangunahing Aralin 4

Maligayang pagbabalik sa VBS “Magpunta Tayo sa Bukirin”, dahil papatapos na ang oras natin, tingnan natin kung naaalala mo ang mga aralin ngayong linggo. Sino ang baging? Si Hesus! At sino ang mga sanga? TAYO! Anong dapat nating gawin? Manatiling konektado!
Okay, oras na para sa isa pang seksyon ng bersikulo... “Ako ang baging at kayo ang mga sanga. Kung mananatili ka sa akin at ako sa’yo, magbubunga ka ng maraming prutas; ...“Anong ibig sabihin nito??? Anong ibig sabihin ng pagbubunga ng prutas sa mundo, kung hindi naman talaga tayo mga prutas???
Magsimula tayo sa pamamagitan ng pagtingin kung paano gumagana ang isang halaman. Tulad ng nabanggit natin noon, ang prutas ay nagmumula sa mga sanga at hindi sa baging. Maaaring lumikha ng prutas mula sa kalangitan si Hesus, pero hindi ito ang plano ng Diyos, tulad na lamang ng baging na hindi magbubunga ng prutas. Tinutulungan tayo ni Hesus para gumawa ng prutas, pero ito ay dapat na lumabas mula sa ATING mga bibig at aksyon. Dapat nating piliin na kumilos!
Ano ang mahalagang bagay na kailangan ng isang halaman para makagawa ng prutas sa mga sanga nito??? Una, kailangan mong maging malusog. Ikalaw, kailangan lamang natin na maghintay. Mayroong iba’t ibang pagkakataon para sa prutas sa baging, bilang halimbawa, hindi tayo magkakaroon ng sariwa’t hinog na mga ubas bawat linggo ng taon. Mayroong mga kapanahunan para sa prutas. Ang



prutas din ang malasang bahagi na tumutubo sa mga sanga dahil may tubig ito, araw at mahusay na lupa. Pagkatapos, ang prutas sa atin ang malasang bagay na nagmumula sa ating mga buhay, mabuting mga gawain, espesyal na mga bagay, mabuting attitude, at lahat ng anyo ng masarap na piraso ng kabutihan. Kaya natin gawin lahat ng klase ng mabubuting bagay at ang mga ito ay madali kapag tayo ay nanatiling konektado sa baging: na kung saan ay si HESUS!
Tingnan ang bersikulo ngayong araw: sinasabi ng Juan 15:16 na, "Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga." Pagkatapos, ikaw at ako ay pinili ng Diyos para gumawa ng mabubuting bagay sa ating buhay, at pinaplano Niya na bigyan tayo ng lakas at mga ideya para gawin ito... habang tayo ay nananatiling konektado sa Kaniya.

(TRICK)
Maraming tao ang nag-iisip na pwedeng maging boring maging isang Kristiyano at 'yung wala tayong anuman na gagawin. Tulad na lamang ng envelope na ito, mukha itong walang laman! Pero hindi 'yon ang kaso! Binigyan tayo ng Diyos ng napakahalagang gawain na dapat gawin! (Buksan ang kabilang bahagi ng envelope at hilahin palabas ang mga colored sheet. Basahin ang ilan sa mga bagay na maaari nating gawin at ibato ang mga ito sa audience.)

Binanggit din ng Juan 15: 8 ang isang bagay na napakaespesyal; Sa pamamagitan ng pagiging konektado kay Hesus at paglikha ng mahusay na prutas, nagbibigay tayo ng kaluwalhatian sa Diyos! Tingnan natin ang isang halimbawa sa buhay ni Pedro kinamamayaan ngayong araw. Ang mga tao ay magkakaroon ng kakayahan na sabihing MABUTI ANG DIYOS, at igagalang siya nila habang sila'y nagbabantay sa atin, gumagawa ng mabubuting bagay para sa iba. Kahanga-hanga ito!!! Maaari nating pasalamatan ang Diyos, magbunga ng prutas, at ilagay ang ating paniniwala patungong aksyon. Maaari nating piliin na kumilos!

# Mga Istasyon ng Rotasyon 4

## Silo Class 4

### Mga tanong at sagot

1. Paano nakakaimpluwensiya sa iyong mga aksyon ang pagkakaroon ng mas maraming hindi Kristiyano mga kaibigan kaysa sa mga Kristiyanong kaibigan? Syempre, gusto ng Diyos ang ideya na ang kaniyang mga anak ay kumokonekta sa iba pang mga Kristiyano. Kailangan mo ang suporta ng ibang mga taong nakikita ang mundo kagaya mo. Ang mga kaibigan nating hindi Kristiyano ay hindi gumagawa ng mga desisyon sa parehong paraan tulad ng mga Kristiyano. Hindi ito nangangahulugan na ang mga Kristiyanong kaibigan ay perpekto o hindi nakakagawa ng isang pagkakamali o hindi ka bibiguin. Pero iyong mga tao na talagang sumusunod sa Diyos ay magiging matatag na mga kaibigan at magbibigay ng payo ayon sa salita ng Diyos kapag hiniling mo ito.
2. Anong ibig sabihin nito sa iyong buhay para magbunga ng prutas na magtatagal? Kapag nababasa natin sa Bibliya na dapat tayong magbunga ng prutas na magtatagal, marahil na i-imagine natin na dapat tayong magbahagi ng ebanghelyo at pagkatapos isang tao ang tatanggap kay Hesus bilang kanilang Tagapaglitas. Pero nangangahulugan din ito ng paggawa ng mabubuting bagay, pagbabago sa ating mga aksyon, pag-iwan sa masasamang nakaugalian, ay ang mga paraan ng pamumunga ng prutas. Pwede mong tulungan ang isang lola na bitbitin ang pinamili niya sa bahay, tulungan ang nakababata mong

kapatid na tapusin ang kaniyang takdang aralin, o bumili ng isang kendi para sa isang bata sa school na medyo salat.

3. Magbahagi ng isang kwento kung saan kumilos ka nang mahusay, at naimpluwensiyahan nito ang relasyon mo sa Diyos at sa ibang mga tao. Ang pagpili na kumilos ay maliliit na desisyon na ginagawa natin araw-araw, tulad ng pagprotekta sa isang bata mula sa pambu-bully imbis na matago o tumakas. Tinutulungan tayo ng Diyos na kumilos nang tama. Maraming beses, ito ay tungkol sa pagtatagumpay laban sa ating pride. Nakakatulong ito sa atin para magkaroon ng kontrol sa sarili para gumawa ng mas mahusay na mga desisyon sa hinaharap.





| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| O | R | D | E | P | Y | | |
| O | M | E | A | A | M | | |
| N | G | A | A | N | G | A | S |
| U | A | B | N | A | A | T | A |
| P | P | A | T | N | P | U | L |
| U | A | B | A | A | A | B | A |
| T | N | A | B | M | N | I | M |
| I | G | N | A | P | A | D | A |
| R | I | K | T | A | G | U | T |
| I | T | A | A | L | I | M | G |
| P | A | N | G | A | N | G | A |
| S | I | A | M | T | I | H | Y |
| E | N | A | K | A | P | S | O |
| D | O | G | A | Y | P | R | U |
| A | G | M | B | A | G | I | N |



# Picnic Kasama si Pedro 4

## Tinuhog na prutas

Mga sangkap:
- Mga stick tulad ng pantuhog
- Iba’t ibang uri ng prutas



Mga instruksyon:
- Hiwain ang prutas sa maliliit na parisukat
- Magpasa ng isang stick sa bawat estudyante mo
- Atasan silang kunin ang paborito nilang mga prutas at ipasok ang mga ito sa kanilang stick hanggang mapuno.
- Mag-enjoy tayo!

## Drama Kasama si Pedro

Nangaral si Pedro nang may Lakas (Mga Gawa 2: 14-41)
Eksena: Ngayon, si Pedro ay may napakalaking oportunidad para magsimula ng isang podcast (Internet broadcasts) sa buong Mehiko.(gamitin ang pangalan ng bansa mo imbis na Mehiko) Minsan nagpo-produce siya ng sarili niyang mga video at inu-upload ang mga ito sa YouTube. Isang araw, nagtatrabaho si Pedro sa isang espesyal na video para sa YouTube (ang video niya ay nagkaroon ng isang link papunta sa page ni Hesus) nang isang sikat na journalist sa CNN ang dumating sa kaniyang opisina. Inalok ng journalist na ito kay Pedro ang oportunidad para internasyonal na ipresenta ang kaniyang video sa balita at sa parehong pagkakataon ibahagi ang tungkol sa kaniyang website at kung anong ginagawa niya. Nahimok si Pedro at nag-travel para irekord ito para sa telebisyon.
(Gawing mukhang ninenerbyos si Pedro sa pamamagitan ng pag-share kung anong gagawin niya sa TV, pagkatapos magsimula ng live recording)
- Sa simula, binati ni Pedro ang manonood ng nasyon, at biglang sumigaw siya ng isang sobrang Mexican-style na mariachi shout (pwede siyang gumamit ng ilang parirala o katangian ng tunog ng bansa mo) at binati ang lahat.
- Sinimulan niya ang kaniyang speech gamit ang isang propesiya, mahal kong mga kaibigan... “At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Dios, Na ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman: At ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, At ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain, Ang inyong mga matatanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip:

18Oo't sa aking mga lingkod na lalake at sa aking mga lingkod na babae, sa mga araw na yaon Ibubuhos ko ang aking Espiritu; at magsisipanghula sila.

19At magpapakita ako ng mga kababalaghan sa langit sa itaas, At mga tanda sa lupa sa ibaba, Dugo, at apoy, at singaw ng usok:

20Ang araw ay magiging kadiliman, At ang buwan ay dugo, Bago dumating ang araw ng Panginoon, Yaong araw na dakila at tangi:

21At mangyayari na ang sinomang tumawag sa pangalan ng Panginoon, ay maliligtas. “Acts 2: 17-21

• Pagkatapos, nagbahagi si Pedro ng tungkol kay Hesus; Ang Hari ng mga hari na kung saan ang nag-iisa lamang na dapat nating pagdasalan, binalaan din sila ng maraming iba pang mga salita.

Sa huli, ibinahagi ni Pedro ang mga resulta:
Habang umeere ang mensahe ni Pedro sa internasyonal na telebisyon, ilang mga kaibigan ni Pedro ang nagkita-kita at gamit ang internet, nagsagawa sila ng isang prayer telethon sa kanilang opisina. Ang mga tao ay tumawag, tinatanong ang tungkol sa mensahe ni Pedro noong araw na iyon, nagdasal sila para sa maraming tao gamit ang telepono; Sa katunayan, 3000 mga tao ang naligtas nang araw na 'yon! (Naghuhumiyaw at taas babang nagtatatalon dahil sa excitement sa mga resulta,)

## Mga Barn Craft 4



### Mga Ubas

1. Gamit ang pattern na makikita sa internet, i-print ang mga ubas sa putting papel, 3 para sa bawat mag-aaral.
2. Maghiwa ng isang carrot para gamitin bilang isang stamp, isinasawsaw sa pintura at dinedekorasyonan ang tatlong mga ubas gamit ang mga carrot stamp.
3. Magtupia ng isang maliit na piraso ng berdeng crepe paper o tissue paper at i-glue ito sa tuktok.
4. Mag-glue ng isang piraso ng berdeng laso sa tuktok.
5. Itupi ang i-glue ang tatlong ubas nang magkakasama tulad ng ipinapakita.

### Mga Handshake na may mga Galaw




Ikaapat na Araw: Ang Pagdaan
Ipalakpak ang kanang mga kamay nang mataas at ipalakpak ng mababa habang mabagal na umiikot, na magtatapos na ang isang tao ay nakaharap sa likuran ng isa pa
Papalawigin ng isa ang kanilang mga kamay sa likuran nila, na nahakarap ang mga palad sa itaas, at isa pa ang magpapalakpak sa mga ito, low 5 na style.

## Mga Vineyard Game 4

### Cartoon baseball






Ito ay naiibang bersyon ng baseball kung saan ang mga bata ay masisiyahan. Bago ka magsimula, gumawa ng isa o dalawang mga bat, sa pamamgitan ng pag-tape sa dalawang disposable na platong nakaharap sa isa't isa at mag-iiwan ng isang espasyo kung saan maaaring ilagay ng isang estudyante ang kaniyang kamay. Kung hindi masyadong mahangin, pwede kang gumamit ng mga lobo para sa bola o gumawa ng isang bola mula sa nilamukos na papel. Pwede mong gamitin ang karaniwang mga patakaran ng Baseball o baguhin ang mga ito. Isang halimbawa ng isang posibleng pagbabago ay ang bilang ng mga base o pagtakbo paurong.

## Pagtatapos gamit ang Muska at isang Puppet Show 4



Tandang: Kamusta guys, napakagandang makasama namin kayo, natututo kung anong pwede nating piliin. Hinihintay ko ang aking kaibigan, pero siguradong naguguluhan siya. (Kung gusto mong magbigay ng higit pang aura sa mga puppet, pwede mong piliin ang Hollywood type na musika at maglabas ng kaunting talcum powder na para bang usok ito para i-announce ang pagpasok ng kabayo.)

Kabayo: Magiging o hindi magiging! Luke, ako ang ama mo! (Ang kabayo ay papasok na may suot na dark glasses) May gusto ba ng autograph? Walang picture please.

Tandang: Anong meron sa'yo, kabayo? Sigurado akong wala kang makita gamit ang sunglasses na yan, nasa VBS na tayo.

Kabayo: Alam ko tandang. (gamit ang boses ng isang aktor) Iyon ay dahil sa pinili kong umarte, sa kadahilanang ito ang tema natin ngayong araw.

Tandang: Kabayo, hindi ibig sabihin nito na pinipili mong maging aktor, tumutukoy ito sa kung anong sinasabi ng Bibliya sa Juan 15:16, "Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga." Ikaw at ako ay pinili ng Diyos para kumilos, pero hindi sa isang teatro. Inatasan tayo na mamuhay kung saan ang ating mga aksyon ay nagpapakita ng kabutihan, pagmamahal, pananampalataya, at ipakita sa atin na nabubuhay siya sa loob natin.

Kabayo: Buweno, hindi ko na kailangan bumili ng higanteng basket at punuin ito ng prutas.

Tandang: Hindi, siyempre hindi, tandaan na higit nating mahalin ang iba tulad ng pagmamahal sa atin ni Kristo, mas magiging tulad niya tayo at mas kikilos tayo tulad ni Kristo.

Kabayo: Kung ganon, may problema ako!

Tandang: Alin?

Kabayo: Nag-order ako ng isang toneladang ubas online. Alam mo na, gusto ko lang magdala ng napakaraming prutas sa simbahan.

Tandang: O, kabayo! Wala kang katulad. (Parehong aalis sa eksena)

# Aralin 5


## Pamagat 5

**Pinili kong dumepende**
Bible Story: Naglakad si Pedro sa Tubig
Mateo 14: 22-36

## Bersikulo 5

“Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.” Juan 15:5

## Trick 5




Kailangan mo lang ng 1 sheet ng letter size na papel at isang bag para sa trick na ito. Sa harap ng mga bata, magpupunit ka ng 9 na piraso ng papel habang ang drawing ay nalabas. Hilingin sa 9 na mga batang iyon na pumunta sa harapan at isulat ang kanilang mga pangalan sa 9 na papel. Pagkatapos ay ilagay ang mga ito sa loob ng bag. Madali lang ang trick dahil, sa 9 na piraso, isa ang may 4 na punit sa mga gilid. Maingat mong titingnan ang bata na nagbigay sayo ng sheet na ito na may 4 na sirang gilid, at ikaw ang pumili para mahanap ang papel ng batang iyon sa loob ng bag. (Nang hindi tumitingin, magiging madali lang hanapin ang sheet dahil lahat ng mga gilid nito ay punit.) Syempre, dapat mong ilagay ang mga papel ng bata sa loob ng bag at bigyan ito ng maraming pampasigla para ang trick mo ay magmukhang imposible. :)

## Pangunahing Aralin 5

Welcome sa huling araw ng VBS“Magpunta Tayo sa Bukirin!!!” Tingnan natin kung maaalala mo ang mga aralin ng linggong ito:
Sino ang baging? (Hesus)
Sino ang mga sanga? (Tayo)
Anong kailangan nating gawin? (Manatiling konektado)
Anong mangyayari kung mananatili tayong konektado? (Magbubunga tayo ng prutas)
At ang huling katanungan... May iba pa ba tayong pagpipilian??? (Wala!)
Ito ang huling bahagi ng bersikulo... “sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.”
Heto ang kumpletong bersikulo: “Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.”

Sinasabi mo ba sa amin na kung hiwalay kay Hesus, kaunti lang ang aming magagawa? Hindi! Anong magagawa natin para sa ating mga sarili??? WALA!!



Ito ay medyo halata sa pagtingin sa isang grape vine na halaman na nasa bukirin. Kung puputulin mo ang ilang mga sanga sa baging, matutuyo ang mga ito at mamamatay. Ang mga sangang ito ay hindi maaaring makapag-produce ng prutas at wala nang halaga pa para sa magsasaka.

Sa mundo ngayon, napakadaling mag-disconnect at makaramdam ng panghihina. Inaasahan tayo ng mga tao para kumilos nang mahusay, para sumunod sa ating mga magulang, para dumalo sa simbahan, para gawin ang ating mga takdang aralin, pero ito ay SOOOOBRANG mahirap! Kung hihiwalay tayo mula sa baging, magiging imposible para sa atin na gawin lahat ng mga bagay na iyon nang tama! Tanging sa pamamagitan lamang ng kapangyarihan ni Hesus tayo maaaring magkaroon ng magandang buhay at mapuno ng prutas. Kailangan nating pumili ng isang buhay na nakadepende kay Hesus. Sa katunayan, kasalukuyang imposible na mamuhay ng isang perpektong Kristiyanong buhay... pero sa pamamagitan ng Diyos, lahat ng bagay ay posible!!!

Malinaw dito na kailangan nating manatili na konektado. Makikita natin sa bersikulong ito na ang pangunahing kinakailangan natin ay manatiling konektado kay Hesus o manatiling konektado sa baging, hindi para tuyuin ang ating mga sarili at mamatay.

Ating siguraduhin na saulo natin ang bersikulo, “Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.” Juan 15:5

Ngayong araw, si Pedro ay may sasabihin sa atin na isang bagay na kaniyang hinarap... ang paglalakad sa tubig. At nagawa niya ito! Iniwan ni Pedro ang bangka at naglakad sa tubig!!! Hindi tayo karaniwang nahaharap sa isang pangangailangan na maglakad sa tubig tulad ni Pedro, pero nahaharap tayo sa maraming mga hamon bawat linggo, kabilang ang ilang imposibleng mga bagay. Minsan, hinihiling sa atin ng Diyos para patawarin ang isang tao, para ibigay ang huling barya na nasa bulsa mo o mamuhay ng isang perpektong buhay Kristiyano! MAAARI TAYONG gumawa ng mga imposible, pero kaya ba natin itong gawin kung wala si Hesus? Hindi! Kung gusto natin na mamuhay tulad ng hiniling sa atin ng Diyos, may iba pa bang paraan para gawin ito? Wala! Dapat tayong manatiling konektado kay Hesus!!!

(TRICK)

Ngayon, may ipapakita ako sa’yo na isang bagay na imposible. (Mag-imbita ng 9 na bata para lumapit habang pinupunit mo ang piraso ng papel at ibigay ang bawat piraso ng papel sa bawat bataa. Hilingin sa kanila na isulat ang kanilang mga pangalan sa papel at ilagay ang mga ito sa loob ng bag) Maari kong piliin ang papel ni Joseph _____ (ang bata na may hawak sa papel na may 4 na punit na gilid) .... at ito nga iyon!!! Oo, Maaari akong gumawa ng isang bagay na imposible! Konektado ako sa baging: KAY HESUS!!!!! Pinipili kong dumepende!

Suriin natin sa huling pagkakataon ang mga aralin ng linggo...

Sino ang baging? (Si Hesus) Sino ang mga sanga? (Tayo) Anong kailangan nating gawin? (Manatiling konektado) Anong mangyayari kung tayo ay konektado? (Magbubunga tayo ng prutas) May iba pa ba tayong pagpipilian? (WALA!)

# Mga Istasyon ng Rotasyon 5

## Silo Class 5


### Mga tanong at sagot

1. Bakit mahirap para sa mga bata, hindi mahalaga kung anong bansa nila, na manatiling konektado sa presensiya ng Diyos? Guro, tandaan na hindi tayo nandito para husgahan ang aksyon ng mga bata, pero para turuan sila sa pag-ibig

sa pamamagitanng salita ng Diyos. Bilang halimbawa, 2 o 3 oras na pagsamba tuwing Linggo ay hindi maaaring maikumpara sa 6 na araw isang linggo na hindi konektado sa kaniya. Imbis na pagkakaroon ng oras sa Diyos sa umaga, ang una nating ginagawa ay kunin ang ating mga telepono at i-check ang social media natin, kung gayon siguro itinutuon natin ang ating mga kaisipan, parirala, o imahe sa mga bagay na iyon at hindi pinapasok ang presensiya ng Diyos.

2. Kapag dumarating ang mahihirap na pagkakataon, kapag malapit ka nang tumigil at mawalan ng koneksyon sa Panginoon, paano mo napanatili ang pagiging matatag? Kapag ang mga tukso at mahihirap na sandali ay dumating sa iyong buhay, kailangan mong tandaan na hindi ka nag-iisa at hindi mo kayang mag-isa para malutas ang lahat ng bagay sa iyong buhay. Naglakad si Pedro sa tubig, napakahusay noon, pero pagkatapos ay nagapi siya ng pagdududa at takot at siya'y lumubog. Ang pinakamagandang tulong ay ang Panginoong Hesukristo, kunin ang kaniyang kamay at buhatin siya paangat sa tubig. Kunin ang kamay ng Panginoon na inaabot sa'yo.


3. Anong mga bagay ang kailangan mo na tanging ang Diyos lang ang makakapagbigay sa'yo? Huwag mong isipin na dahil bata ka, malakas at may itsura ay ganap ka nang hindi maaaring masira. Sa katotohanan, kapag tayo'y hiwalay sa Diyos ay wala tayong magagawa na kahit ano. Nakakita ka na ba ng mga taong hindi Kristiyano, pero sila ay may mga pag-aari, kotse, damit at hindi nagkukulang sa kahit naano at ikaw, bilang isang Kristiyano, ay wala ng lahat ng kailangan mo? Marahil iniisip mo na hindi patas na dumepende sa Diyos, pero dapat mong malaman na marami sa mga taong ito ang walang kapayapaan sa kanilang mga isipan, minsan ay nagkukulang sila sa pagmamahal, hindi sila nagpapatawad ng mga tao at ang tanging layunin nila ay gumawa ng pera, ang paglimot doon sa lupain ng buhay na walang hanggang ito ay ang pinakamagandang bagay na maaari nating matanggap.




| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N | M | A | N | A | T | I | L | I |
| E | R | P | B | I | G | P | R | A |
| I | M | A | N | A | T | I | L | I |
| L | H | G | T | A | G | A | G | D |
| P | E | P | C | U | W | I | A | I |
| I | S | I | E | T | Y | K | N | Y |
| P | U | P | N | I | A | O | P | G |
| G | S | I | N | L | I | T | R | S |
| A | U | L | O | A | C | A | U | A |
| P | S | I | C | K | O | K | T | T |
| M | G | A | S | A | N | G | A | O |
| A | K | N | I | C | N | N | S | K |
| W | P | E | D | R | O | A | C | A |
| B | A | G | I | G | I | B | U | T |







# Picnic Kasama si Pedro 5

## Jell-O Ship



Mga sangkap:

• Baso o maliit na transparent plastic container at isang kutsara kada bata.

• Asul na gelatin, piraso ng orange, gummy bear, toothpick at papel.

Mga instruksyon:

• Magbigay ng isang baso ng gelatin bawat bata.

• Pwede kang magpamahagi ng isang slice ng orange, dalawang gummybear, isang toothpick at isang piraso ng papel sa bawat estudyante.

• Gamitin ang orange bilang isang bangka, isang tootpick at piraso ng papel bilang isang flag, at maliliit na gummy bear, na nagrerepresenta kina Pedro at Hesus.

• At ngayon, mag-enjoy tayo!

## Drama Kasama si Pedro

Naglakad si Pedro sa Tubig (Mateo 14: 22-36)

Eksena: I-announce sa manonood na isang bagyong tinatawag na "Malaking Tagasira" ang paparating, mabubuo ito sa karagatan at tatama sa lupa. Nagbabanta ito na sisirain ang maraming mga kabahayan at buhay sa malalapit na lugar.

Minumungkahi ng balita na walang sinuman ang dapat na lumulan sa alinmang bangka, lalong lalo na sa mga LOGOS ship.

(Kung maaari kang makahanap ng ilang espesyal na sound effects ng bangka at bagyo, hahatak ito ng atensyon)

• Inimbitahan ni Hesus si Pedro at ilan sa mga bata para pumunta sa kaunting pag-uusap na plinano niyang ibigay. Kailangan muna nilang pumunta at pagkatapos si Hesus ay pupunta sa kanila, kaya ibinili niya sila ng mga ticket sa LOGOS boat at umalis sila sa pantalan (magpangalan ng isang daungan sa o malapit sa iyong bansa) sumunod na araw.

• Sinabi sa kanila ni Hesus na tatapusin niya ang kaniyang pagsasalita sa Oaxaca, Mehiko (maaari kang magbanggit ng ilang siyudad sa bansa mo,) magpapaalam siya sa mga tao at makakapunta sa kanila sunod na araw sa Chiapas, Mehiko (Magpangalan ng isang lugar sa iyong bansa. Umalis sila sa kabila ng mga babala tungkol sa Bagyong "Malaking Tagasira."

• Nagsimulang magdasal si Hesus sa gilid ng stage at nanatili ditong nagdarasal sa loob ng mahabang oras.

• Habang nagdarasal si Hesus, si Pedro ay nasa gitna ng stage naghahanda para sa trip. Umalis sila, at ang situwasyon ay naging nakakatakot dulot ng bagyo. Si Pedro ay gumawa ng isang serye ng mga bagay: bumili siya ng pagkain, kumain, at pagkatapos ay nahilo at isinuka ang kinain, umidlip, at bumalik para bumili ulit ng higit pang snack at ang karagatan ay muling nangalit at isinuka niyang muli ang mga kinain niyang snack. (Ipunto sa mga bata na halos 5 oras na simula nang huling makita nila si Hesus.)

• Si Pedro ay nagsimulang mas sumama ang pakiramdam kaya pumunta siya kasama ng kaniyang kaibigan sa likod ng bangka, tinitingnan ang mga alon, tumingin siya sa isang bagay na tila ba isang multo na naglalakad sa tubig!

• Nagsimulang sumigaw ang lahat sa takot,"ISANG MULTO!" Pagkatapos, sinagot sila ni Hesus at nagsabing "AKO ITO, SI HESUS, HUWAG MATAKOT"

• Tinanong ni Pedro kung maaari niyang samahan si Hesus sa tubig... sumagot si Hesus na “syempre naman oo.”“Halika.”
• Nagsimulang bumaba si Pedro sa hagdan para makapunta sa tubig, ang mga kaibigan niya ay ninerbyos at pumunta para hanapin ang kapitan ng bangka (mas maganda na magkaroon ng isang maliit na stepladder na madali mong magagamit sa pagakyat at pagbaba)
• Pumunta si Pedro sa tubig at habang nakatingin kay Hesus, nagsimula siyang maglakad sa tubig papunta sa Kaniya.
• Sa sandaling tumingin si Pedro sa tubig, natakaot siya at nagsimulang lumubog nang dahan-dahan. Inabot siya ni Hesus at iniligtas ito.
• Nang magkasama, naglakad sila sa tubig at umakyat sa hagdan patungo sa LOGOS. Ngayon ang dalawa ay ligtas sa bangka.
• Sa sandaling makaakyat sila sa bangka, ang bagyo ay humupa at ang bumalik ang katahimikan ng dagat.

(Para tapusin ang pag-arte, ilang mga guro ang pupunta sa harapan at magsasabi ng “Pambihira ito, talagang si Hesus ang Anak ng Diyos”)

## Mga Barn Craft 5

### Si Pedro sa tubig



1. I-download ang mga litrato. Kukulayan ng mga estudyante ang tatlong drawing at dagat.
2. Gupitin ang tatlong mga litrato at iwan lamang ang ibabang bahagi bilang isang tab para ipasok o i-glue sa dagat.
3. Itupi ang papel na may tubig sa horizontal na mga dotted line. Pupunit ang mga estudyante sa patayong mga linya gamit ang kanilang mga kamay para buuin ang mga alon. Gawin ang mga alon sa pamamagitan ng pagrolyo sa mga ito gamit ang krayola o gunting.

### Mga Handshake na may mga Galaw

Ikalimang Araw: Power Ranger
Pagkatapos ng huling galaw, (ikaapat na araw) itikom ang kanang mga kamay nang magkakasama
Itaas ang inyong mga kamay nang magkakasama sa ere
Isara ang kamao mo at ilagay ito sa dibdib
I-extend ang braso na may puwersa at pinapanatili ang kamaong nakasara

## Mga Vineyard Game 5

### Kunin ang Bandila



Bumuo ng 2 pangkat. Ang mga team member ay magsusuot ng isang colored band sa kanilang braso para malaman kung aling team sila nabibilang. Maglagay ng isang flag para sa bawat pangkat sa mga dulo ng court. Binubuo ang laro ng bawat pangkat sa pagpaplano ng isang estratehiya para magawa nilang agawin ang flag ng kalabang pangkat at dalhin ito sa kanilang teritoryo.

Kailangang iwan ng bata ang laro kapag nahawakan siya ng isang kalaban maliban na lamang kung siya ay nasa sarili niyang "safe zone." Magtatalaga ka at magmamarka ng isang safe zone para sa bawat pangkat kung saan ang mga team member ay maaaring gumalaw nang malaya at hindi matatanggal sa laro kapag nahawakan. Mahalaga na markahan ang lugar na ito nang mahusay. Ang mga team member na pumoprotekta sa sarili nilang flag ay dapat na manatili isang metro ang layo mula dito. Mga tagahatol ang guro at iba pang mga nakakatanda.

## Pagtatapos gamit ang Musika at Puppet Show 5

Kabayo: Hindi talaga ito gumagana!



Tandang: Anong problema? 'Yan ba yung hair dryer na kakabili mo lang?

Kabayo: Oo, pero sana hindi ko ginastos ang pera sa isang bagay na hindi karapat-dapat para sa kahit na ano. Noon, inaabot ng isang oras at kalahati para patuyuin ang buhok ko nang walang gamit na dryer. Buweno ngayon, inaabot nang mas matagal para patuyuin ang buhok ko gamit ito. Walang kuwenta ito!

Tandang:  Grabe! Gamit ang dryer ko, inaabot lang ako ng limang minuto para patuyuin ang palong ko!

Kabayo: Buweno, hindi sa'kin! Tingnan mo, inilagay ko to sa harap ng ulo ko sa loob ng 8 oras pero basa parin ang buhok ko! (Note: Hindi nakasaksak ang dryer.)

Tandang: Heto, hayaan mo kong isaksak ito. (Nag-on ang dryer)

Kabayo:  Anong ingay 'yon? Sasabog ito! Tulong! Tulong!

Tandang: Bakit ka natatakot? Ibig mong sabihin hindi mo ito sinaksak kahit kailan? Hindi nakapagtataka na hindi ka makapagpatuyo ng buhok. Nararamdaman mo ba ang mainit na hanging lumalabas?

Kabayo: Oo! (Pinunta niya ito sa kaniyang ulo) Nakakabilib ito! Pagkatapos ng lahat, hindi naman pala ito ganoon ka-walang kuwenta.

Tandang: Oo naman! Ang dryer ay gumagana nang mahusay kapag naka-plug ito, pero talagang wala itong pakinabang kapag walang kuryente. Pinapaalala sakin nito yung sinabi sa Bibliya sa Juan 15: 5 "Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa."
Kabayo: Ibig mo bang sabihin na dapat akong kumonekta kay Hesus tulad na lang ng pagkonekta ko sa aking dryer sa kuryente?

Tandang: Oo naman syempre, kapag hindi nakakonekta sa baging na kung saan ay si Hesus, mahirap gawin ang mga bagay-bagay nang tama, sa pamamagitan lamang niya tayo maaaring mamuhay ng magandang buhay at mapuno ng prutas. Kahanga-hanga! Ngayon, bilisan mo at patuyuin ang buhok mo, para makapagpaalam na tayo sa mga bata sa VBS.